

Ang Huling Dalagang Bukid: Isang Authograpiya na Mali

Vasil A. Victoria, Ph.D.

Ateneo de Naga University

Leo B. Ricafrente

Calabanga National High School

Abstrak: *The paper is a comprehensive reading and in-depth analysis of the renowned Filipino author Jun Cruz Reyes. It highlights the 10 important aspects of the work that are critical in its literary interpretation. It also emphasized the embedded meanings in the title, literary composition, style, genre, linguistic aspects, and the prevailing literary tone of the text.*

Keywords: *Literary Criticism, Novel, Filipino Orthography, Elements of a Novel*

Introduksyon

Alinsunod sa kahingian ng mga pamantayan sa panunuring pampanitikan o mga batayang itinatakda ng kurso sa akademikong gawaing ito, sampu ang layunin ng papel na ito sa kabuoan. Bagaman sa pangkalahatan ay inaasahan na mailatag sa suring-basa na ito ang dalumat ng kilalang akda ng isa sa mga natatanging muhon sa kasaysayan ng panitikang Filipino na si Pedro Cruz Reyes, Jr. o mas kilala natin sa tawag na *Amang Jun Cruz Reyes*, na kaniyang binigyang-identidad sa napakakontrobersiyal nitong pamagat na *Ang Huling Dalagang Bukid at Authobiography na Mali: Isang Imbestigasyon*.

Una sa mga inaasahan ay ang maibigay kung ano ang bago sa pamagat. Kasama na rito ang ang paglatag kung bakit masasabing bago ito sa pamagat, mapangatwiran kung angkop o tama ang pagkakayari nito, maisulat kung ano ang bago sa manunulat gayundin sa tagapaglathala (kasama na ang taon) at mailarawan ang manunulat sa tulong ng pagbibigay-lundo sa kaniyang mga pagkilalang natamo o mga katulad.

Ikalawa, layon din ng papel na ito ang pagbibigay ng malinaw na lagom sa kuwento ng nabanggit na akda, sang-ayon sa sariling pananalita ng manunuri.

Ikatlo sa listahan ay ang pagtiyak kung sa anong uri ng panitikan mapupuwedeng mailapit o maibilang ang nasabing teksto lalo na sa patunay kung bakit mauuri ito sa ganitong anyo ng panitikan. Sa bahaging ito rin kinakailangang maibigay ang depinisyon ng panitikang ito at matiyak ang kinabibilangang anyo nito (sa tulong ng kaukulang paliwanag).

Ikaapat, ang sapat na paglalarawan sa bagong estilo sa pagkakasulat ng banghay, pagsabi kung paano naiiba ang paraan ng pagsusulat ng may-akda, pagtukoy kung paano nagsisimula at nagwawakas ang pangungusap o talata sa kaganapan ng talataan na tunguhin din ng panunuring ito.

Ikalima, kung sa usaping pangwika ang usapan, nilalayon din ng pagtalakay ang paglalarawan sa kung anong kategorya ng wika ang ginagamit sa daloy ng mga diyalogo o pagsasalaysay, higit na ang paghahanap sa mga maling gamit ng salita o may maling baybay, na kung saan kinakailangang masabi kung bakit mali, paano maitatama ang mali at masabi kung saang pahina matatagpuan ang mga kamaliang ito.

Ikaanim na pakay sa panunuring ito ay ang paglatag ng matatatalinghagang pahayag mula sa nilalaman ng akda. Kinakailangang mayari ito sa pamamagitan ng paghahanap at ng mga bagong tayutay, sawikain (na may pagpapakahulugan) at kung ano-ano pang mga katulad nitong salik pampanitikan.

Ikapito, sa kabuoan ng istorya ay ang pagsusumikap na maipakilala ang lahat ng tiyak na mga tauhan kasama ang paglalarawan at pagsusuri sa kung anong uri sila ng mga tauhan maibibilang. Idagdag pa ang mahahalagang linyang nagustuhan sa mga sinabi ng tauhan, kung mayroon man at mailarawan ang tunggaliang kanilang kinaharap sa kuwento.

Ang pagsasalarawan sa himig na nangingibabaw sa konteksto ng akda at ang kaukulang pagpapatunay rito ay ang ikawalo sa inaasahang layunin ng pagtalakay. Isama pa ang pagsasabi sa kung ano ang paninging ginamit sa kuwento lalo na ang pagtukoy sa mga tiyak na linya mula sa binasa at ang paglalarawan sa tagpuan (sa tulong ng pagkopya sa linya ng binasa gayundin ang panahon).

Sang-ayon sa lahat ng mga panunuring pampanitikan, maliban sa katuparan sa naunang mga nabanggit na layunin, tiyak na mababaw ang kalalabasan ng panunuri kung wala ang pagbibigay-halaga sa mga bisang pampanitikang sapat na mahuhugot sa kalamnan ng estorya. Kaakibat nito siyempre ang pagtatala ng mga kaukulang mungkahi tungkol sa binasang akda.

I. Suri sa Pamagat, Manunulat at Tagapaglathala

A. Pamagat:

Simulan natin ang talakay sa pagsipat sa kayarian ng pamagat. Binalangkas ang kaligiran ng akda ayon sa katuturan ng ibininyag ditong pamagat ni Pedro Cruz Reyes, Jr. na *Ang Huling Dalagang Bukid at Authobiography na Mali: Isang Imbestigasyon*.

Sa unang sulyap pa lamang sa pamagat ng kuwento ay halos mangingimi na ang sinumang makakatunghay sa pagbasa ng akdang ito ni Reyes. Sino ba namang paham sa wika o panitikan ang susubok o magagawa kayang tangkaing simulan, ipagpatuloy o tapusing basahin ang kabuoan ng isang akdang tulad nito kung sa pamagat pa lamang ay batbat na ito ng kapintasan lalo na simpleng usapin ng ortograpiya o palatitikan? Sa ganitong kalakaran marahil nagtatagpo ang iba't ibang timpla ng pagpapahalagang pangwika at pampanitikan mula sa mapanghusga at nahihimbing nating kamalayan at kung masaklap pa magkaminsan tayong mga nasa akademya pa ang nagsisimulang manguna sa ganitong pagkitil.

Gayunpaman, tandaan natin na ang *pamumuna* ay halos kahawig na rin ng panghuhusga na kung lubos na uunawain din ay nauwi lamang sa maling paghatol, sa halip na matamang pagpapahalaga. Ang ganitong masakit na katotohanan marahil ay dala ng ating duwag na pananaw at kamangmangan sa pagkilala sa kung ano ang maganda at hungkag sa panulatan. Ang ganitong kalapastanganan sa tao, manapa ay maitawid sa matuwid na pagbali ng ating mga mapag-imbabaw at mapambuskang paghatol sa likas na kalagayan ng mga lihis sa batas at tradisyon ng panulatan gaya ng kay Reyes. Tandaan na ang lawak ng ating lubos na pang-unawa at pag-unawa sa isang likhang sining o panitikan ay hindi masusukat sa lawak ng kalawakan lalo na sa paglimi ng mga nakatagong dahilan ng buhay at prinsipyong pinanghahawakan ng sinumang mangangatha ng

alinmang akda. Mapanindigang sandata ito lalo sa paimbabaw na pagtingin sa pagkakabalangkas sa pamagat ng obrang ito ni Reyes, na *Ang Huling Dalagang Bukid at ang Authobiography na Mali, Isang Imbestigasyon*. Ito ay dahil sa, aniya, *ang wika ay wika lamang hindi pa ito ang tunay na diskurso*. Nangangahulugan lamang ito na higit na mahalaga sa kaniyang panulat, hindi ang diskurso sa wika at palatitikan, ang kaniyang mga simulain sa pagsusulat at ang diskurso sa bisa ng wika na kaniyang ginagamit sa kaniyang mga gawa tulad ng sa nobela na siyang kaniyang pinanghahawakang mahalagang materyal sa pagkatha.

Tuloy at patuloy pa rin na magpapatuloy ang walang hanggang pagbuo sa kritikal na kamalayang Filipino sa tulong ng malikhaing panulat at mapangaraping ideolohiya na ito ni Reyes---sa daigdig na uso ang mga nakamaskarang mukha ng pag-aakda ng anumang anyo ng panitikan. Subalit huwag nawang magkamaling sabihin na tila ba napapalayo na tayo sa tunay na tinutumbok nitong talakay. Ang totoo, hindi pa. Sadyang nasa may pamagat pa lamang tayo. Dahil ang totoo na sa mismong pamagat pa lamang ay naihahain na ang tunay na diskurso, ang pukawin ang natutulog nating kamalayan, sa kung ano ang *maganda sa hindi maganda sa panulatan*---bilang katangian ng isang postmodernong pananaw at pagtalakay sa alinmang panitikan. Sabi ni Reyes, *kailangang repasuhin muli ang ating kaisipan, ang ating sarili, para ang lahat ay maitama*. (p.41)

Bilang pagtatama at paglilinaw rin, nais kong magbigay ng ilang pagtatangkang tala ukol sa paghihimay sa kasiningan ng pamagat nitong akda ni Reyes. Ang sekreto marahil, sa tulong ng aking limitado ngunit mapanggagad na paghuhusga sa bawat titik, salita at unawa sa pamagat ng akda, ay ang banggaan at ugnayan ng aking pansariling bokabularyo at ng mismong prinsipyo at tinutumbok na katotohanan ni Reyes, bilang siyang may-akda at mismong lumikha ng kaniyang pamagat at ikinatatanging nobela.

Ang Huling Dalagang Bukid. Umpisahan natin ang pagsipat sa konteksto ng salitang *Huling*. Maaaring dalawa ang gustong ipakahulugan ng salitang ito. Sa pagbisita lamang sa kahit anong mapaniniwalaang talahulugan o sa kahit alinmang sanggunian maging sa virtuwal na espasyo, ang mga salitang mangyaring katumbas nito sa Ingles ay ***last o final at catch***, na ang una ay tiyak na mapananaligan kaysa sa pangalawa. Bakit? Kung babalikan at iuugnay natin ito sa sugnay na *Ang Huling Dalagang Bukid*,

mapapansin na taliwas sa katotohanan kung tutumbasan natin ang salitang *huling* ng salitang *catch*. Ito ay sa dahilan na ang mga kasunod nitong salita na *Dalagang Bukid*, kahit pa sabihin na may kamalian din sa pagkakabaybay ng dapat na tambalang salitang ito--ay kinakailangang may paggamit ng bantas na gitling sa pagitan ng dalawang salitang ito, na tiyak na masasabing ang kahulugan nito ay tumpak sa pagbibigay-katangian sa isang dalagang lumaki sa kabukiran.

Samantala, hindi ito kailanman maaaring itumbas naman sa pangalan ng isang isda na kung tutuosin ang tumpak na pagkakabaybay ay dapat *dalagambukid*. Makikita sa mga halimbawa na mahalagang simbolo ang ginagawa ng gitling (-) sa *dalagang-bukid*, upang magbigay ng ibig-sabihin at laman ng salita, kahit na ang gamit nito ay hindi kita sa pagsasama ng salitang *Dalagang Bukid* sa mismong pamagat.

Isa pang buo at sulit na patunay sa argumentong ito ay ang nagsilbing pambungad at sentro nitong “nobela” ni Reyes ang binabalak niyang gawing nobela sa tulong ng kaniyang kaibigan na si Arlie o kung tawagin niya ay ‘giya sa buhay na mahilig sa paggawa ng mga dokumentaryong pelikula, na pinamagatang *Ang Huling Dalagang Bukid*. Dito ay isa sa ‘pinakilala ang karakter ni Linda bilang *pinakahuling dalagang-bukid* na walang nakapapansin na umalis sa baryo ng Wakas upang magsilbing *entertainer* sa bansang Hapon at takasan ang hirap ng buhay sa kanilang baryo. (p.63)

Kung gayon, ang dalagang bukid sa kuwento na ibinungad na ng mismong pamagat nito ay hindi kailanman maipagkakamaling *isang isda* kundi ***isang tao, isang dalaga o isang dalagang lumaki sa bukid***.

Ngayon, iukol naman natin ang pansin sa isa pang bahagi ng pamagat na “*at ANG AUTHOBIOGRAPHY NA MALI*.” Dito ay madulas na papasok ang talambuhay ni Reyes na kalabisan niyang tawaging *Authobiography na Mali*. Sa tanang buhay ko, sapol nang ako’y musmos pa, isang uhuging bata na walang muwang sa realidad ng tinatawag nating ‘buhay’, hanggang sa ngayon na gagad ko na ang tibok at timpla ng tunay na buhay-paaralan, ni sa hinagap ay wala akong nabasang salita na *authobiography*. Ang alam ko, may salitang Ingles na *autobiography* ngunit kailanma’y wala pang salitang ganito: *authobiography*, na maaapuhap sa kahit alinmang *endangered* at *extinct* na diksiyonaryong *available* ngayon sa mga

aklatan maging sa mga *bookshop* at *National Bookstores*.

Sa aking pagtatanga sa salitang ito biglang naapuhap ko ang tanong na “Bakit may letrang h na dapat ay wala nga naman? Isang malaking kahibangan ba itong maituturing? Ang alam ko, sa dikta ng mga pamantayang inihahahin sa atin ng wikang Ingles hinggil sa palabuoan nito, isang napakalaking paghamak ito sa nasabing wika na matagal nang estandardisado ang estruktura; hindi tulad ng sa Filipino na hanggang ngayon ay nasa masinop pa rin na proseso sa pagtuklas, pagsukat, pagbuo at pagpapalalim ng mga mapagtangkang tuntunin ng Ortograpiyang Pambansa. Marahil, isa nang paliwanag dito ni Reyes sa manipulasyong ito, ang kaakuhan na siya ay nabibilang sa mga *self-acclaimed artist* (alagad ng sining sa sariling paraan). Kinakailangan niyang kumuwala sa hilahil ng mga namamayaning kalakaran sa larang ng malikhaing pagsulat at sa mga puwersang pilit na ipinasusunod ang kumbensiyon ng tradisyonal na pagmalas sa isang sining tulad ng kaniyang mga akda. Aniya, sa pagsukat ng/sa *kung ano ang dapat ay* isang mortal na kasalanan sa demokrasya at pagduhagi sa pagpapalitaw ng natatago ngunit tunay at kakaibang kagandahan at implikasyon ng/sa turan ng/sa isang likhang sining.

Ayon nga kay Vasil A. Victoria, isang dalubguro sa wika at panitikan ng Unibersidad ng Ateneo de Naga, mula sa kaniyang mga pagtuturo hinggil sa makabagong wika at Ortograpiyang Filipino, kaniyang naibahagi ang isang katotohanan na *tayong mga Filipino ay mahilig sa paglikha o pag-imbento ng kung ano-anong salita*. Kaya naman dapat, hindi natin kailanman masisisi si Reyes kung bakit gayon na lamang ang baybay ng salitang *authobiography*. Sabihin man na ito ay hindi salitang Filipino, na may katangian ng pagsusugpungan ng mga salita, ang mahalaga ay likhang salita pa rin ito ng isang Filipino na si Reyes, na kaniyang ginamit sa malikhaing dahilan sa kontekstong Filipino at sa dahilan na madahilan ang sining ng kaniyang mga nililikha.

Ang tanong, ano ngayon ang maaaring gustong ipakahulugan ni Reyes ng salitang *authobiography* sa kaniyang akda? Makailang beses akong nagtanga sa bahaging ito ng pamagat at ngayon ko lamang napagwari na ang magulong anggulo ng salitang ito ay natumbok ko na rin. Subalit ang bagay na ito ay pagtatangka lamang. Marahil ay may iba at naiiba ka ring makita o nakikitang kahulugang may kabuoang lapit sa katangi-tangi’t katanga-tangang salitang ito.

Subalit nawa'y kahit papaano'y hayaan mo ring pahalagahan ang bigat ng anggulong aking bibigyang-argumento.

Maaaring ang *mali* na salitang *authobiography* ay ang salitang *kahit na mali* ay may impluho pa rin sa kalikasan ng isang wikang buhay tulad ng *Filipino*, na kahit sabihin pa na ang salitang *authobiography* ay hindi maihahanay sa kalamnan ng bokabularyong Ingles o maging sa Filipino *dahil sa mali nga* ang baybay nito, maaaring Filipino ito sa konteksto ni Reyes; dahil Filipino ito sa konteksto, dumaan ito sa tinatawag nating '*coining*', isang katangian ng wikang Filipino sa palabuuan ng mga salita.

Ang salitang ito kung gayon, marahil, ay hango sa dalawang salita na *author* at *biography*. Ang *author* ay madaling maintindihan, samantalang ang salitang *biography* naman, kahit na madaling maintindihan ang katumbas nito sa salitang Espanyol na *biografia*, na binaybay naman sa Filipino at naging *biyograpiya*, na nangangahulugang isang anyo ng panitikan na nagsasaad ng kasaysayan ng buhay ng isang tao sa mga tunay na tala, pangyayari at impormasyon (Wikipedia, 2016). Mapapansin na malikot pa rin ang pagbibigay ng bagong bihis ni Reyes nang pagsanibin niya na ang dalawang salitang ito: *author* at *biography*. Ang ibig sabihin lamang nito (ang salitang *authobiography*) na mismong ang manunulat ay ang mismong tagapagsalaysay at ang kaniyang sarili, sa tulong ng kaniyang malikot na haraya at ilang tunay, bagama't masaya o malungkot na karanasan sa buhay mula panahon ng kaniyang kabataan at kapilyuhan hanggang sa siya ay nagkapag-aral at naging estudyanteng aktibista, properor (*na aktibista*) sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, na batbat ng kaniyang mga pasaring sa sistema nito, na siyang pinaghugutan din ng kaniyang mga 'di malilimutang katangi-tangi't malulungkot na totoong karanasan sa buhay, na kaniyang naging saksi at kontribusyon hanggang sa kung anuman ang buhay niya sa kasalukuyan, na kasama lahat ng taong naging bahagi ng kaniyang buhay, at ang kaniyang binibigyang-buhay at kahulugang mapang-uyam, mapanikil at mapanupil sa kuwento ng kaniyang nobela, na walang inuurungang pader ni hangganan sa paglalaro ng kaniyang malikot na isip at panulat.

Karugtong ng kabalintunaan na ito sa pamagat ay ang tanong kung bakit *mali* ang *authobiography na mali*. Kung sa mali sa pamagat natutuon ang isyu ng mali, agad naman itong nilinaw ni Reyes sa mga huling pahina ng kaniyang nobela, sa katauhan ni Jun.

Aniya, may sariling buhay ang kaniyang mga paa. Siya at iyon ay iisa. Ipinapahayag niya na:

Totoo ang nangyayari sa bayan ng Huling Dalagang Bukid. Hindi rin mali ang aking autobiography. Kapag iyong binuklat at inimestiga mo na, may ibang salita ka pang matututuhan, anak----sa layon ng kaniyang mga paang patuloy na naglalakbay. (P.269)

Malatalambuhay kung magbulalas ng katotohanan at guniguni si Reyes sa kaniyang akda. Ito ay sa dahilang dito niya ikinukuwento ang ilang bahagi ng kaniyang buhay bilang bata, estudyante, guro, aktibista at alagad ng sining. Ito ang nobelang kung saan mo makikita na ang mga nakapaloob na mga *memoir*, impormal na sanaysay at malapamanahong papel na mga pahina. Pinatutunayan lamang ni Reyes na walang hindi magagawa sa panitikan na ang subok sa kaniyang panulat ay ang dikta ng kaniyang *mindset* na kayang banggain ang sinuman o anumang lubog sa maling tradisyon, tulad ng mga nasabi na, bilang patunay sa mga naunang banggit (p.128).

Isa pang tanong marahil ay ang 'di nakaligtaang pagsisingit ni Reyes sa kaniyang napiling pamagat: ang paningit na mga salitang *Isang Imbestigasyon*. Kung susuriin ang kalamnan ng nobela, ang ugnayan ng mga tauhan sa kuwento, ang katayuan ng mismong tagapagsalaysay at ng mismong nakaraan, kasalukuyan at kahaharaping (mukhang bitin kasi ang kuwento) tunggalian ng lahat na mga tauhan sa tinutumbok ng tagapagsalaysay sa kaniyang kuwento ay panimula pa lamang. Ito ang lunggati at hamon ng buhay sa Bayan ng Wakas (Ang Filipinas), kahit hindi hayagang inihayag sa kuwento, ipinaparating lamang ni Reyes sa kaniyang mga mambabasa na ang buhay tulad ng kaniyang naging buhay kasa-kasama ng mga tauhan sa kaniyang kuwento, na naging kabuhol ng kaniyang pagkatao at kaganapan, ay nanatili at mananatiling *isang mapanghamong imbestigasyon sa ugnayan ng sarili sa mundong ibabaw*. Kahit hindi man lahat ng imbestigasyon o kaso ay nalulutas ng isang imbestigador, may tagatunghay pa rin na maaaring tumulong at magpatuloy ng walang hanggang hangganang imbestigasyon, at iyan ay ang saysay ng ating pagbabasa at pagpapahalagang pampanitikan.

B. Manunulat

Inaamin ko, hindi ako maalam sa tunay na buhay ng manunulat na si Reyes. Ngunit minabuti kong gamayin ang pagkilala at pagpapakilala sa kanya sa dalawang anggulo. Una, ang pagpapakilala sa kaniya sa kung ano ang sinasabi ng ilang hanguan ng impormasyon sa mundo ng internet. Sunod ay ang pagpapakilala ko sa kaniya ayon sa kaniyang kaugnayan sa bigat ng kuwento ng kaniyang nobelang *Ang Huling Dalagang Bukid at Authobiography na Mali: Isang Imbestigasyon*.

Kahit sabihin pa na bubot at kapos ang ibinibigay na paglalarawan kay Reyes sa katauhan ng bida sa kuwento ng kaniyang buong buhay at pagkatao, pinangyari ko na sipiin pa rin ang kapiranggog na tala ng bahagi ng kaniyang buhay-propesyonal mula internet. Ayon sa aking naging sanggunian, sinasabi na ang pangalan na Jun Cruz Reyes ay sagisag-panulat lamang ni Pedro Cruz Reyes (tunay na pangalan). Isa pa, malapit na malapit ang Kalye Paraiso (p.123), ng Tundo, Maynila sa buhay ni Jun. Ayon nga sa pagkakalarawan sa kuwento ng kaniyang nobela, magmamadaling-araw at kasagsagan ng isang bagyo, Hulyo 27, 1947, ang panahon ng pagkukumpuni ng pinsala ng digmaan, nang unang namalas ng kaniyang Inang Pilang (kaniyang ina) at kaniyang Amang Indo (na ang pangalan ay isinunod sa pintakasi ng santong mahilig sa manok) ang una niyang pag-iyak, ang pagsilay sa mundong napakaraming ligalig at pagdanas na sa kaniya ay handang naghihintay.

Gaya ng nasasaad sa unang bahagi nitong talakay, si Pedro Cruz Reyes ay mas kilala sa tawag na *Amang* Jun Cruz Reyes, na kung saan siya ay itinuturing na isa sa mga natatanging muhon ng wika, panitikan at kamalayang Filipino ng ating kontemporaneong panahon. Sa panulang Filipino, siya ay marami nang nakamit na mga pagkilala o mga gawad-parangal gaya ng pagkamit niya ng *Gawad Alagad ni Balagtas* ng Unyon ng Manunulat sa Pilipinas noong 2002. Sa taong din na iyon siya ay hinirang bilang *Most Outstanding Alumni for Literature and the Arts* ng Hagonoy Institute noong Diamond Anniversary nito.

Si Reyes ay hindi lamang ubod-tanging manunulat. Siya rin ay isang bantog na pintor, magaling na guro sa mga akademyang kaniyang dating pinaglingkuran at patuloy na pinaglingkuran nang mahabang panahon. Kaya naman, hindi maitatwa na marami-rami

na rin siyang karangalang nakamit sa larang ng panuruan. Isali na sa listahan ang pagbibigay sa kaniya ng parangal bilang *Outstanding Assistant Professor* ng College of Arts and Letters sa UP Diliman, *Most Outstanding Faculty* sa Polytechnic University of the Philippines at ng isang Writing Grant mula sa UP Office of the Chancellor at Office of the Vice President for Academic Affairs noong 2003 at marami pang iba. Si Reyes ay kinikilala rin sa marami pang unibersidad tulad ng Ateneo de Manila University, De La Salle University at University of Sto. Tomas, na kadalasang nag-aanyaya sa kaniya bilang isang *panelist*, hurado o tagapagsalita sa mga palihan at patimpalak. Isa na rito ang pagiging abala niya sa pagiging hurado sa mga pambansang patimpalak gaya ng Palanca Awards at NCCA Writers Prize.

Sa ngayon, isang malaking hamon sa akin ang pagpapakilala kay Reyes sa kung sino o anong klaseng tao siya, sa mukha ng mga paglalantad sa simula't dulo ng kaniyang kuwento at pagkukuwento. Tulad ng ilan sa mga talambuhay na nakalap ko sa internet at nabuko ko sa naging buhay ni Reyes sa kaniyang akda, siya nga ay hindi lamang isang manunulat kundi isang magaling din na pintor (ayon sa nasabi na), na kung saan inilarawan sa kuwento na ang gawaing pagpipinta ay ang kaniyang unang hilig kaysa sa pagsusulat. Pinatotohanan din sa kuwento na nakatira nga siya sa Hag(u)noy, Bulacan, na nasunugan siya ng bahay sa T(u)ndo, Maynila at naglingkod bilang guro sa Unibersidad ng Pilipinas, kung saan dito siya nakapagtapos ng kaniyang MAEd at PhD.

Dahil siya ay laki sa baryo at likas na sa ating mga Filipino ang *Kultura ng Pagbabansag*, kilala si Reyes sa maraming palayaw. Para sa kabataan siya ay si *Mang Amang*. Ayon sa kaniyang nobela, *Ato* naman ang tawag sa kaniya ng mga matatanda sa kanilang baryo sa Meycauayan, Hag(u)noy, Bulacan, ngunit *Pare* naman sa halos lahat ng kaniyang mga kakilala. Ngunit ang mas tiyak at higit na maganda at masarap mangusap sa kaniyang tainga ay ang palayaw na *Junior*, na ibinigay sa kaniya ng kaniyang Inang Pilang.

Kung pag-iinteres ko ang buhay ng kaniyang malikot na kamusmusan hanggang sa panahon nang siya ay namulat at nakihamok sa mapagkalingang[?] lipunan, sinasabing marami ang mga 'di katanggap-tanggap na kilatis kay Jun Cruz Reyes (sa kuwento). Subalit kahit anupaman, ayon sa kaniyang Inang, siya ay isang espesyal na anak. Ang mga ito ay pinatutunghayan alinsunod sa nasasad ika-15 kabanata ng akda:

“Dahil sa mga tradisyonal na magulang (o kahit sinumang magulang), walang anak na pangit ni tanga, ni gago, lalo at ang mga magulang ang siyang tetestigo. Kapag naging salbahe ang anak, kasi’y nabarkada. Kapag napasok sa gulo, kasi’y gumanti lang. Kung bukong-buko na, kasi’y batang-isip pa lamang.” (p. 119).

Sa ina ni Jun, siya ay batang may agimat, batang may dalang suwerte sa pamilya (p.121), padala ng langit, isang batang pinagpala. Kahit pa sa paliwanag ng agham, si Jun ay batang may kakulangang pisikal kung ituring at dahil lalaki, matagal ang *learning hormones*.... Binigyang-patunay at suportang katotohanang ito nang malinaw na sinasabi sa kuwento na si Jun kahit noong bata pa lamang na tanggap niya na, na ‘kailangan niya pa rin ng *human andador na interpreter*, pinagandang tawag sa yaya dahil mahirap kasing intindihin ang kaniyang lengguwahe. Nangangahulugan ito na kahit ano pa ang sabihin ng lipunan na labag o laban sa kaniya, tanggap niya na hindi siya perpektong tao. Ngunit ang katotohanang ito sa buhay ni Jun, na kahit kuwento ng buhay na puno ng imbestigasyon, kahit mali, ay isang kuwentong buhay, kagilagilalas at natatangi.

Sa isang banda ng buhay, mahalaga rin na malaman kung bakit at paano naging manunulat si Reyes lalo na ang mga dahilan kung paano talaga siya nagsusulat bilang awtor.

Bakit naging manunulat si Jun kung gayon? Unahin natin ang hindi gasinong kagandahang pagkilala sa katauhan ng manunulat. Sa inihahain ng mga pangyayari sa kuwento, napagkatuwaang isa-isahin ni Reyes ang mga suwerte sa kanilang lahi:

“Si Nitang na puti ang buhok, pero utak-kinder pa rin at ang nakatatanda nitong kapatid na si Uring na utak-grade one naman, si Ka Agring na may pagkalukaret dahil overacting ang asta nang yumaman dahil sa mongoloid na anak (suwerte raw), si Myrna na manggagamot na nakatanggap daw ng mensahe mula sa langit at nakausap ang Diyos, si Tatang Tuyong na nabaliw raw noong binate nang ihian ang lalagyan ng agua bendita sa simbahan, ang anak nitong si Tibo na labas-masok sa mental hospital dahil sa pagiging biyolente at si Mekla na artistahin ang itsura ngunit isip-bata, at si Tatang Kulas na madalas na nakikitang may kinakausap na hindi nakikita. Sinasabi ng tagapagsalaysay na maaaring bunga raw ito ng

*pag-aasawahan ng magkakamag-anak sa kaniyang angkan:
Saan pa hahanap ng sarap kundi sa kamag-anak?” (p.50)*

Ito marahil ang isa sa mga dahilan kung bakit naging manunulat ang awtor. Nananalaytay kasi sa kaniyang dugo ang dugo ng mga baliw at suwerte. Tanong pa niya:

Nasa dugo rin ba ito? Preconditioned ba ang madness (kabaliwan) sa pagiging creative? At kaya ba maraming manunulat sa angkan nina Lakandula ay sapagkat maraming baliw sa lahi nila, dahil na rin sa kinagawiang paghahanap ng sarap sa kamag-anak? (p.50)

Sa kasong ito, ikinakabit ang kabaliwan sa pagiging malikhain. Iniugnay rito ang pagkakaroon ng pag-iisip na hindi nakakahon, na humahamon sa naghaharing kaisipan sa lipunan. At dahil nasa dugo ang pagiging baliw, lumaking kakaiba ang tagapagsalaysay. Hirap daw ang mga nasa paligid niya na unawain ang kaniyang ugali. Parang walang katapusan daw ang kaniyang pag-iyak noong bata pa siya. Magdadabog at hindi mamamansin nang ilang linggo kapag hindi pinagbigyan ang gusto. *Spoiled brat* daw siya, sabi ng iba. Ngunit iba ang tingin sa kaniya ng mga kaibigan (sa tunay na buhay):

Retarded daw ako sang-ayon kay Maria Luisa Torres, na sinegundahan naman ni Fanny Garcia, na hindi ko naman kinokontra, dahil kahit noong bata pa ako, hindi ko naman iniintindi ang mga bagay na sa palagay ko’y hindi ko naiintindihan. Tulad halimbawa sa kung ano ang iniisip ng tao sa akin, na sa palagay ko’y problema nila at hindi sa akin (p.53).

Sa nobela, walang pakialam si Jun Cruz Reyes kung tawagin man siyang baliw. Sa katunayan, inaangkin na niya ang bansag na ito. Ito ang kaniyang sandata upang salagin at daluhungin o sabayan ang agos ng/sa kaniyang panulat ang mga taong pilit na nagtatakda ng kung ano ang dapat at hindi dapat. Matutunghayan na, sa bawat detalye ng kuwento, totoo nga at malaki at malawak ang impluwensiya ng “*impluwensiya*” kay Jun kung uugatin ang paniniwala at karanasan ng pagiging niyang isang manunulat, ng mga karanasang humubog sa kaniyang kaganapan at humulma ng

kaniyang matatag na paniniwala sa buhay. Sa kaniyang pagiging pasaway mulang pagkabata, binabalik-balikan ng kaniyang gunita na, aniya'y *"Ang karanasan ko sa paligid ang titser ko sa pagusulat, depende sa pagkakaintindi ko kung alin ang tama na gusto ko."*

Ani pa ni Jun Reyes, patunay na malaki ang hatak ng kaniyang pagiging isang mahusay na manunulat hinggil sa tawag ng kaniyang likas na't magulo pa ngunit mayaman at mapangaraping daloy ng kamalayan. Karaniwan ang kaniyang pahayag na *"Sapagkat may gusto rin akong sabihin kahit na paano. Ganoon lang. Wala namang big deal. Ang bawat panulat para sa akin ay isang anyo ng pagpapahayag, ano man ang ibig sabihin noon."*

Walang pagtutol na ang pagtutol ng panulat (at pagpinta) ni Jun sa paghahanap ng tunay na kahulugan, ng buhay at karanasan. Bumubuo siya ng sariling mundo na pilit kumakawala sa mga pamantayang hindi niya naman ginusto ngunit patuloy na sumasakal o 'di kaya nama'y sumasakmal sa kaniyang karapatang pumili o bumuo ng maling katotohanan at sekreto ng kapangyarihan----ang sumusupil sa makahulugang pangarap at katwiran, ----sa kaniyang panulat na bubuo sa isang kahulugan na bubuo ng isang komunidad na malay, mulat, malaya at siyang magpapataas sa identidad ng sangkatauhan (p.269).

C. Tagapaglathala

Ang 273 pahinang nobela na ito ay inilimbag at ipinapamahagi ng Anvil Publishing, Inc. taong 2011. Ang obrang ito ni Jun ay nagkamit na ng mga natatanging parangal, halimbawa na lamang, ang pagkilala rito bilang *Filipino Reader's Choice Award for Novel in Filipino at Gintong Aklat Award ng Nat'l Book Development Board nang taong 2012.*

II. Buod

Ang pagtatampok sa kuwento ng malalim na buhay ng tagapagsalaysay sa katauhan ni Jun Cruz Reyes ay pagdanas sa iba't ibang kuwentong buhay sa katauhan ng kaniyang mga naging kaniig, katropa, katagay, kamag-anakan, katrabaho at kasalamuhan na kapilas ng matibay na moog sa ubod ng kaniyang kagila-gilalas, kay saya-saya man o kay luksa-luksang pakikipagsapalaran sa buhay

at kaganapan kaalinsabay ang kaniyang masalimuot na pakikibaka sa mga agos ng buhay at sa mga pakikihamok sa napakagulong mundong ito.

Umiikot ang kuwento ng *Ang Huling Dalagang Bukid* sa tunggalian ng pangunahing tauhan na si Jun sa kaniyang mundo. Ang mundong ito ay hindi mundo ng walang katapusang pantasya at ngiti, na alalaong baga'y ang mga tauhan ay ni kailanama'y hindi marunong magalit o sumimangot. Ang kilalang mundong ito ay punong-puno ng tunggalian sa sarili, kapuwa at sa lipunan, minsan marahas, minsan nama'y madilim, malungkot, makapangyarihan ngunit baliw. Malinaw at walang ulap ang labanan ng mga namamayaning-uri, ang tao laban sa kaniyang mahahalagang pagpapasiya sa buhay at pakikitungo sa iba. Iminumulat ng mga pangyayari sa buhay ni Jun at kaniyang mundo ang iba't ibang konsepto ng mga kasalanang nakamamatay. Naririyang ang **kahalayan** na nadala maging sa kumpisalan ng simbahan nang minsang hindi mangiming mangumpisal si Junior (si Jun nangbata pa) sa isang paring wari niya'y kawangis ang **santong kalibugan** lalo na ang kalalaking-baryo na tulo-laway tuwing makakikita ng mala-porn star na kagandahan sa katauhan ng nag-Japang sina Linda at Laarni. Kahalintulad ng dalawa, si Gloria (ina ni Linda) na sa kaniyang panahon ay itinuring na pinakamagandang babaeng dayuhang himalang napangasawa ang ordinaryong gago, basagulero, lasenggo at ay mala-user, *pusher o druglord-look-a-like* na kaguwapuhang ni Marino (ama ni Linda) at si Patring naman na *girlfriend* ng lahat ng *tricycle driver* sa bayan.

Kaakibat din nito ang **pagkabatugan o katamaran, kahambugan** at **kasibaan** ng mga suki sa makasaysayang tindahan nina Nana Anicia sa Bayan ng Wakas, na kanilang naging tangahan, tambayan, tsismisan at sugalan, na dati ay ordinaryong tindahan lamang naman. Idagdag mo pa rito ang **kasakiman** at **kawalang panghikayat** ng mga nasa may luklukan at may kapangyarihan; halimbawa na rito ang mga naging karanasan ng pangunahing tauhan sa pamantasang matagal na niyang pinaglingkuran at ibinuhos ang buo niyang katalinuhan at pagtitiis, kung saan naman siya ay nakaranas ng *legal[?] na pambibiktima* ng pananamantala sa kaniyang natitirang pangarap na maiahon ang sarili sa sentimyento ng kakapusan at paandap-andap na agaw-sawing kapalaran. Ang mga ito ay ilan lamang sa mga kurus na landasin ng buhay ng pangunahing tauhang si Jun.

Ang mga landas ng kahapon at kasalukuyan ng mga naging karanasang ito ni Jun ay ang pagkamulat sa lipunang hindi mababakas sa kanayunan, hindi lamang tanging sa Meycauayan, Hag(u)noy, Bulacan, kung saan si Jun ay doon isinilang kundi maging sa gitna o mga kasulok-sulokan ng kalunsuran, gaya na lamang ng sa Tundo, Maynila kung saan siya naman ay nagkamuwang sa daigdig ng kabalintunaan, lalo na ng panahon nang siya ay nagkaroon ng karanasan sa pakikibaka sa daluyong ng mabangis at mapanupil na lipunan----na sa kasamaang palad pati bahay ng kaniyang mga nuno ay naabo ng isang sunog----na hindi pa malaman kung ano ang tunay na naging dahilan.

Alalahanin na ang kalunsuran ay larawan ng kanayunan at ang kanayunan ay larawan ng kalunsuran. Ang lungsod ay nagmula sa pagiging nayon, na bumabalik sa ugaling nayon, ibang klaseng nayon. Ito ang bayan ng Wakas, ang Filipinas. Ito ang bayan na, sa paglipas ng panahon, ay patuloy ang pagdurusa, patindi nang patindi ang linggatong. Tinutumbok nga na makahon sa pagiging *third class nation* (3rd world country), limot at libing na ang mga bayani at kultura ng kahapon. Kaya naman ito ay umuunlad na, kaya lamang paurong.

III. Uri ng Panitikan

The Insect

ni Pablo Neruda

*From your hips down to your feet
I want to make a long journey.
I am smaller than an insect.*

*Over the hills I pass,
Hills the color of oats,
crossed with faint tracks that only I know,
scorched centimetres, pale perspectives.*

*Now here is a mountain.
I shall never leave this.
What a giant growth of moss!
And a crater, arose of moist fire
Coming down your legs I trace a spiral,*

*Or sleep on the way,
And arrive at your knees, round hardness
Like a hard peaks of a bright continent.*

*Sliding down to your feet I reach the eight slits
Of your pointed, slow, peninsular toes,
And from them I fall down
To the white emptiness of the sheet, seeking blindly
And hungrily the form of your fiery crucible.
[tula ng pagkilala sa tunay na pagkatao ng sinumang
kapuwa]*

Ayon sa iyong natunghayang tula (The Insect) ni Pablo Neruda, isang kilalang Latino-Amerikanong makata ng kaniyang panahon, masasapol na ang nobelang tinatalakay ay maaaring maihalintulad sa kagandahan at alingasngas ng isang mababaw ngunit malalim na anyo ng panitikan----mga tulang tulalang mapagsiwalat [ngunit may puso] ni Kristian S. Cordero, isang mangangathang Bikolanong tiwalag at walang pag-aalinlangang sumuwag at bumuwag sa mga natatago at nagtatagong[?] silahis ng mga dambuhalang halimaw sa lipunan, kahit maging simbahang Katolika[hindi ito pambubuska (bullying), ngunit hayagang paglalarawan lamang]. 'Ika nga, ang akdang ito ni Reyes ay tulad ng isang pobreng mayaman sa pamumulot ng ginto sa kalawakan. Isang obra itong wala ni kahit isang salita'y ni sa hinagap makatutumbok ng tumpak na katuturan.

Karaniwan at kakatwa (mapait magbiro) man ang paggamit ng mga salita sa kabuoan nito, nag-uumapaw ang dating ng haraya (*imagination*, na madalas mapagkamalang imbentong salita o tayutay), puwersa ng kapangyarihan at hatak ng talinhaga. Kung gayon, ang akdang ito ni Reyes ay isang tula, hindi sa anyo kundi sa ungos ng damdamin at tilamsik ng pagkakahabi, hindi ng salita kundi ng konteksto ng kuwento ng buhay ng mga nasa laylayan ng lipunang sinisiphayo ng dambuhalang dominyo at tradisyon ng mga mapang-api na't *logets* (balbal na salita) pang mga kababayan. Uulitin ko, ang akdang ito ni Reyes ay isang tulang kahalintulad ng ibinigay na't matutunghayan pang tula nitong sunod na pahina, tulang masakit, mabaho, hubad ngunit ang linalaman ay dapat na inuunawa at ang linamnam ng bisa naman ay matamang sinasariwa, nilalasp, tinatakam at hinihimutok upang iyong madakila,

mangyari pang ang ekonomiks sa paglikha ng anumang katha ay 'di lamang sa pagkaltas ng mga salita kundi pagsasapraktika at pagsasapraktikal ng piling-piling paggamit ng mga sinalang na salita upang mapangyari ang tunay na bago sa makabaong sining ng pagtutula o anumang pagkatha.

Pagkamo'ot?

ni Leo B. Ricafrente

*Pagkamo't ko saimo,
daing siring na kabaing
kan nakakurapot na takal
sa sakuyang halanuhan.*

*Pagkamo'ot mo man sa sakuya,
daing siring na kabaing
kan tagas kan tungay na nakatapol
sa sakuyang dungo.*

*Buot kaini padanayon,
bulbog kan manga talinga dangugon,
Siring sa pag-agi kan panahon,
bako na ining tuli na dara lamang gatol.*

**(Pagibig ko sa'yo,
Walang makakatulad pa
Sa nakayakap na plema
Sa aking lalamunan.**

**Pag-ibig mo naman sa aki'y,
Walang makakatulad pa
Sa tigas ng kulangot ng aking ilong.**

**Ang ibig lamang nitong sabihin,
Luga ng ating mga tenga'y dinggin,
Tulad ng pagdaan ng panahon,
Hindi na tutuli itong dala lamang ay kati.)**

Pag-ibig, salingwika

Ngayon, ang gawing katwiran na ang nobelang *Ang Huling Dalagang Bukid...* ay mulat sa makabagong prinsipyo ng kontemporaneong panitikang Filipino, na kinakailangang kumawala sa mga hangganan ng pag-uuri ng iba't ibang akda, mapaakademiko man ito o mapaliteratura ay nararapat lamang na katigan sa maraming dahilan.

Isa rin na argumento sa akdang ito ni Reyes ay ang mismong pagkakahany-hanay at pagkakaugnay-unay ng mga kuwento sa kabuoang kuwento nito. Sadyang napakasalimuot at talaga namang nakalilito, na kinakailangan pang ulit-ulitin, balik-balikan at buklat-buklatin sa tuwi-tuwina ang pagbabasa ng kabuoan o mga bahagi ng akda matukoy lamang ang kalinawan sa wasak na balangkas, nilalaman at pinatutungkulan ng mga salitang nakapaloob dito. Ang isa pang tanong, paano maiuuri at maiiiba ang akdang ito sa iba pang anyo ng panitikan?

Sa unang kilatis, *two-in-one* ang postmodernist na akdang ito ni Reyes. Ito ay maihahanay sa isa sa mga anyo ng nobela. Nobela kung ito ay ituring sapagkat nahahati ang balangkas nito sa 28 kabanata sa kabuoan, na nakapaloob naman sa tatlong malaking hati. Nobela rin ito sa dahilan na, 'di tulad sa isang maikling kuwento, hindi ito mababasa nang isang upuan. Idagdag mo pa ang nakakabagot at nakakapagod na pagsapol at paghahabi ng mga salita nito matumbok lamang ang ugnayan ng mga ito sa isa't isa, sa layuning malimi ng mambabasa ang gustong palitawin at ipadama nitong bisa. Ang bagay na pinagsusumikapan nitong mailahad ay ang mga bisang pampanitikan na alam naman nating mahalaga sa buhay ng sinumang mambabasa.

Bilangpaglilinaw at pagtatama, ayon nga sa mga talakay ni Victoria (2016), hinggil sa *Mga Sumpang Dapat Itigil sa Usapin ng Filipino*, ang implikasyong naibibigay raw ng nobela sa mga mambabasa nito ay tulad ng iba pang anyo ng panitikan. Ang kapangahasang ito ay isang sumpa na, baluktot pa. Aniya, ang anumang nobelang tulad ng akdang ito ni Reyes ay namumukod-tangi sa ibang uri ng panitikan. Tulad ng sanaysay, maikling kuwento at dula, ang nobela ay *walang aral* na naibibigay sa sinumang mga mambabasa nito. Ito ay sapagkat pabula lamang ang siyang nakatoka upang gampanan ang gawaing ito sa mambabasa. Isa pa, *mensahe* ang trabaho naman ng sanaysay, *pagpapakahulugan* ang sa pabula at *kakintalan* naman para sa maikling kuwento, ngunit ang nobela ay hindi alinman sa

mga ito. *Bisa* ang siyang pinakaiiwang epekto ng nobela sa sinumang mambabasa nito.

Ang usapin naman sa kung ano ang bago sa ganitong klase ng akda ni Reyes, mawawaring mamamalas ito sa kabuoang estruktura ng pagkakabalangkas ng kuwento. Ang akdang ito ni Reyes ay maituturing na isang artistikong komposisyon na kapalooban ng isang kuwento ukol sa isang nobela na matagal nang naisulat sa isip ng may-akda. At gaya nga ng mga naunang mga pagtalakay, ang nobelang ito ni Reyes ay produkto ng pinaghalong sanaysay at sariling talambuhay sa isang akdang piksiyon. At dahil pinaguusapan na rin lamang natin ang paghahalo-halo, ang nobelang ito ni Reyes ay may isa ring nobela sa loob, na nagsisilbing pambungad at siyang tinatampukan ng karakter sa katauhan ni Jun, ang binabalak niyang gawing kathambuhay (at documentary film na rin) na pinamagatang *Ang Huling Dalagang Bukid*, na kung saan ang pinatutungkulan bilang *huling dalagang bukid* ang katauhan ni Linda—ang babae na walang nakakapansin at kinupasan na ng panahon.

IV. Estilo ng Pagkakasulat

“Sampung Magandang bagay na Magagawa ng Isang Pahamak na Pangulong Dugong:

- 1.?
- 2.?
- 3.?
- 4.?
- 5.?
- 6.?
- 7.?
- 8.?
- 9.?
- 10...”

Wasak ngunit buo[?]. Tulad ng iyong natunghayang *sanaysay*[], ganito ko mailalarawan ang estilo ng pagkakahabi at pagkakaugnay-ugnay ng mga salita, parirala, pangungusap, talata at ng kabuoang banghay ng akdang *Ang Huling Dalagang Bukid* at

Ang Authobiography na Mali, Isang Imbestigasyon. Paniniwala ni Reyes, kabuhol ng mga nasasaad sa mga naunang nasabi na hinggil sa kakaibang tibok ng kaniyang panulat na namulat sa pinapakyaw na dahas, pinakaaayaw niya ang pagsusulat ng mga taksil na gunita. Ang kailangan niya ay kakaibang pagdanas sa kasaysayan na hindi huwad, imbento sapagkat tapat. Minsan nang kaniyang naging wika (p.90) na kahit sa totoong buhay ay 'di totoo ang buhay (life is a fiction), kinakailangang hindi dapat maging mapagpanggap at dahil hindi nga nagpapanggap, walang dapat patunayan. Dahil walang gustong patunayan, ang pagsusulat ay magiging kakaiba.

Patunay rin na ang paraan ng pagsusulat ni Reyes ay impluho ng kaniyang mga kasalamuha araw-araw. Idagdag pa rito ang kaniyang paglilinaw na "*Nahawa lang ako sa writing virus ng mga kabarkada kong mga manunulat, sina Ricky Lee, Fanny Garcia at Romulo Sandoval*" (p. 106). At dahil si Jun ay isang postmodern fictionist, naging pasaring na ni Jun na ayaw na ayaw niya sa estilo ng mga tradisyonalistang manunulat lalo na sa mga probinsiyang naligaw ng Maynila na nasanay sa kaisipan ng lengguwaheng pampanitikan--na ang karamihan, ani ni Jun, ay mga mangangathang mahihilig magpaliwanag ng kanilang mga sarili sa kanilang mga akda. Sangayon kay Jun ay wala namang patulang magsalita sa totoong buhay sa totoong Maynila. Dahil para sa kaniya, layunin lamang niyang magsulat para makipag-usap sa kaniyang mga mambabasa. Hindi siya interesadong sumali sa paligsahan ng palumaan at palaliman ng mga salita. 'Ika nga niya "*Magkakaunawaan kami (mambabasa) kung gagamitin ko ang lengguwahe nila, namin, natin.*" (p. 41-42)

Sa akdang ito ni Reyes, isa pang kapansin-pansin sa daing ng panulat ni Reyes, maliban sa kaniyang kumbersasiyonal na estilo at ang pagiging pasaway nito na talikuran ang mga pamantayan ng palabaybayan, *nega* rin siya sa batas sa pagsulat ng mabisang talataan. Kung mapapansin ay mahilig siya sa pagsusulat ng mahahabang pangungusap na daig pa ang talata sa haba. Halimbawa na lamang ng isang kay haba-habang pangungusap na matatagpuan sa ika-183 pahina ng nobela, ng pandalawampung kabanata:

Nakabuti naman dahil mas nauunawaan ko na ang mga 'awayang ewan' na ang bunga'y mga pilit na ngiti ng mga taong parang nakakain ng hilaw na kamatsile, kaya mapakla sa panlasa at paningin, kaya ang mahabang diskurso, na pinatutunayang

wala naman silang pinag-uusapan, na kaya iyon kinaklaro nang husto ay sapagkat walang katuturan ang diskurso, na nililinaw iyon dahil malabo ang argumento ng taong ayaw naming kausapin, ay kung bakit ayaw tantanan, na kaya kung minsang kailangang daanin sa sigaw, sapagkat kailangan ng practice, na dapat ilabas sa akademya, na ang usapin ng usapan sa hindi pag-uusapan, na sa pagbibigay sa kahulugan, na kung makita ang kahulugan ay wala naman talagang kahulugan, na kung makita ang kahulugan ay mawawala rin ang katuturan.

V. Gamit ng Salita

Sinasabing ang wika ni Jun, ang wika ng Tundo (p.125). Dito nagtatagpo at nagtutugma-tugma ang guhit ng kapalaran ng mga wikang nakikidigma sa preperensiya ng mga taong gumagamit sa kung alin ang siyang nararapat *i-like* ng kanilang mga dila at *i-free* hug ng pabago-bago ng *taste* at *mood*. Kumbaga, walang kinakategoryang antas ng wika ang nobelang ito ni Reyes. Ibig sabihin, na kung sa iisang tiyak na gamit ng wika ang pag-uusapan, walang iisang lagay ang nangunguna. Lahat sa sama-sama. Walang nababalewala o binabalewala sa isa't isa. Ang tiyak lamang dito ay halo-halo ang dalas at danas sa paggamit ng tao sa kanilang wika at iba pang wika ng iba ring wika. Kitang-kita ito sa daloy ng kumbersasyonal na estilo ng pagsasalaysay sa katha. Kinakatangian nito ang paggamit ng mga malaabnormal na mga salita sapat lamang na bilang ng nagliliparan at naghahamunang mga bulgar na pananalita. Payak man kung ituring ang kapahayagan ng mga ito, pangako rin naman nito ang totoong haraya at pulso at pinupulso.

'Ika nga, kahit pa sabihin din na *abnormal* (baliw) at *borador lamang* ang kabuoan ng nobelang ito ni Reyes, lumabag man ito sa mga pamantayan sa gramatika at retorika, tiyak na naririyang pa rin ang pinanghahawakan nitong dating sa mambabasa: ang maganda at kritikal na ebalwasyon ng mga tumatangkilik lalo ng kabataan, dahil doon sila nakakasabay, nakakaunawa o nakaka-relate dahil makamasa at punong-puno ng pakuwelang puwersa.

Batbat nga ng mga puna ang akdang ito ni Reyes kung pag-uusapan ang kataliwasan nito sa makabagong ortograpiyang Filipino. Nakahanap ako ng mga salitang paulit-ulit na nga e, mali-mali pa ang gamit o baybay ng mga ito. Layunin din na masabi

kung bakit mali, naitatama ang mali at nasabi kung saang pahina matatagpuan ang mga salitang ito.

Paalala:

A. Sa paghihiram ng mga salita mulang ibang wika, bagama't hindi masyadong nabigyan ng malinaw o mas ibayong pagtalakay ang mahalagang usaping ito sa 2014 Ortograpiyang Pambansa, tiyak na makatutulong pa rin ang kaisipan na may karapatang mauna sa paggamit ng mga salita ang mga salitang katutubo (Tagalog) kaysa sa hiram na salita (banyaga). Halimbawa na lamang, kung hihiram ka ng salita mulang banyagang wika (ganap man o di-ganap na panghihiram) tandaan na kung mayroon pa namang salitang katutubong Tagalog na mapupuwedeng maitumbas sa salitang hiram na gagamitin, may mas karapatan pa rin (at tungkulin mo bilang Filipino) ang salitang katutubo na unahin. Isa ng halimbawa sa hanay ng mga salitang ito: guro, *maestro/a*, *titser*, *teacher* at *sensie*. Mas katanggap-tanggap pa rin ang paggamit ng salitang *guro* kaysa sa ibang mga kasunod na salitang hiram na nabanggit.

B. Bawat pagsusulat ay may layuning itinatakda (pamantayang pang-akademya, pansarili o sa panlasa). Kung ang layunin ay pangkorespondesiya opisyal at ang konteksto ng pagsusulat ay sa pormal, kinakailangang ang paggamit din ng mga salita ay sa pormal. Subalit kung sa ibang banda, impormal na mga salita naman ang hinahayagang gamitin. Puwede ritong isaalang-alang ang paggamit ng *Taglish*, *Ingfil*, *Tagbik* o anupaman na tambalang wika sa loob ng isang pahayag, maging yaong tinatawag na *code switching technique* ay puwede rin. Subalit, tandaan na tayong mga guro ay dapat laging nasa panig pa rin ng DAPAT at hindi lamang sa kung ano ang PUWEDE na. Kung puwedeng mag-code switching, sa pasalita man o pasulat na pagpapahayag, tandaan pa rin na tungkulin pa rin nating ituro at ipasunod ang retorika ng pinakatamang pagpapahayag sa Filipino (Tagalog), hindi sa kung anong KINATAY na nga't pinaghalo-halo pang pagpapahayag at sumunod sa pansarili at panlasang pamantayan.

MLING PAGPAPA-HAYAG	PAHINA SA AKDA KUNG SAAN MATATAGPUAN	PAGTATAMA SA PAGPAPAHAYAG
Paggamit ng Ingalog (Engalog): “One at a time lang, maliit lang ang utak ko.”	89	“Isa-isa lang, maliit lang ang utak ko.”
Paggamit ng Ingalog (Taglish): Ginawa ng diyos ang teknolohiya ng <i>mike</i> para sa mga politiko, remember?	218	Ginawa ng diyos ang teknolohiya ng <i>mikropono</i> para sa mga politiko, <i>tanda mo pa?</i>
<p>Tamang pagpapahayag sa tulong ng paglilipat-koda (<i>code switching technique</i>) - ang pagpapalit sa pagitan ng dalawa o higit pang wika, o varietyad ng wika sa konteksto ng isa o mahigit pang pangungusap sa isang pag-uusap. Maaari itong gamitin ng tuloy-tuloy o minsanan sa pangungusap at pagsasalitaan. Halimbawa:</p> <p><i>a. Dalawa lang pala ang natatandaan niya. No problem.</i> (p.223)</p>		

MALING BAYBAY NG SALITA	PAHINA SA AKDA KUNG SAAN MATATAGPUAN	PAGTATAMA SA BAYBAY
ideya	13,38, 41, 101,165, 196	idea
empleyado	188	empleado
kontemporanyo	150, 202	kontemporaneo

Paliwanag:

Nakasanayan na sa akademya ang hungkag na baybay ng mga salitang hiram at katutubong Filipino, na sa orihinal nitong anyo ang kayarian ay may kambal-patinig. Ayon nga sa sinasabi ng O.P., isang maalingasngas na kaso ang pagbabaybay sa Filipino ng mga diptonggo o kambal-patinig na ito.

Sa kaso ng mga salitang *ideya*, *empleyado* at *kontemporanyo* ang mga salitang ito ay dapat binabaybay nang *idea* sa halip na *ideya*, *empleado* sa halip na *empleyado* at *kontemporaneo* naman sa halip na *kontemporanyo*. Sapagkat, sa wikang Filipino, nahahati sa dalawang uri sa pangkalahatan ang mga patinig na *a,e,i,o,u*. Unang uri ang *mga patinig na malakas*, na binubuo ng *A, E*, at *O*. Ikalawang uri naman ang *mga patinig na mahina* at binubuo ng *I* at *U*. Binibigkas nang buo ang mga patinig na malakas. Dahil dito, ang mga salitang *idea*, *empleado* at *kontempraneo*, na binubuo ng dalawang magkatabing patinig na malakas sa pangkalahatan, [*ea eo*] sa kabila ng ilang mga kataliwasan sa ibang dahilan, ay hindi nangangailangan ng pampadulas na *Y* sa pagitan.

Alinsunod sa nabanggit na pagsusuri ay nangangahulugang maisusulat nang hindi binabago ang mga kambal-patinig na binubuo ng mga kombinasyon ng *A, E*, at *U*.

Isa pa, kung tutuosin ay matatawag din na mali pa rin ang gamit ng mga salitang nabanggit (*idea*, *kontemporaneo*) sapagkat gaya nga sa iminumungkahi sa paghihiram ng salita, laging unahin ang salitang katutubo (Tagalog) bilang pamantayan sa paggamit ng tiyak at akmang salita sa mga pagpapahayag. Ibig sabihin lamang nito na wikang Filipino (Tagalog) muna bago Espanyol, Espanyol kung walang katumbas sa Tagalog; Ingles naman kung wala sa Espanyol. Ngunit, ibig sabihin pa rin nito, iminumungkahi ng OP ang pagtitimpi sa lubhang pagsandig sa Ingles. Sa halip, maaaring unang piliin ang singkahulugang salita mulang Espanyol, lalo't may nahahawig na anyo dahil higit na umaalinsunod ang wikang Espanyol sa bigkas at baybay na Filipino kaysa Ingles.

Idagdag pa rito na kung ang baybay ng salitang *kontemporaneo* ay *kontemporanyo*, iba na ang kaso nito. Dahil kung magkaganoon man, matatawag na '*salitang siyokoy*' ito. Sabi nga ni Almario (2009), ang mga salitang siyokoy tulad ng salitang *kontemporanyo* ay mga salitang malinaw na may tatak na kawalang-ingat sa paggamit,

mga salitang mulang Espanyol o Ingles ngunit may kahawig at kasingkahulugang salita sa Ingles o Espanyol kaya't sa paghihiram ay nagkakaroon ng anyong hindi Espanyol at hindi rin Ingles. Nangyayari din ang kataliwasang ito sa iba pang wika at hindi lamang eksklusibo sa dalwang wikang nabanggit.

Bagaman may mga mangilan-ngilang nababaybay sa ganito ring salita sa akda, at tama.

Maaaring itumbas ang sa salitang siyokoy sa isang isyu rin na nangyayari sa ortograpiyang Ingles na kung tawagin ay *Filipinism*. Ang isang salita sa wikang Ingles na maihahanay sa categoryang ***Filipinism*** ay ang salitang ***brownout***, sa halip na ***electrical shortage*** o ***black-out***, bilang mga salitang estandardisado sa wikang Ingles (US).

MALING BAYBAY NG SALITA	PAHINA SA AKDA KUNG SAAN MA- TATAGPUAN	PAGTATAMA SA BAYBAY
Nagsa-shabu, nagsa-shopping	14, 23	Nagsha-shabu, nagsha-shopping

Paliwanag:

Ayon sa inaalma ng gabay sa Ortograpiyang Pambansa, tigib sa alinlangan hanggang ngayon ang pagtanggap sa digrapong **SH** kung pananatilihin o tatapatan ng tunog Tagalog. May nagnanais panatilihin ito, gaya sa '**shampu**' mulang salitang '**shampoo**'. May nagnanais tapatan ito ng **SY**, gaya sa '**syuting**.' Ngunit may nagsasabing nawawala ito sa dulo ng salita kayâ dapat '**ambus**' ang **ambush**. Pansamantalang nakabukâs ang pagpili sa paggamit ng alinman sa mga salitang ito hanggang ang kasalukuyang gabay ay magkaroon ng tiyak na masasaligang tuntuning may mabigat na argumento. Ibig sabihin, mananaig ang alinmang tiyak na eksperimento.

Subalit, dagdag pa, kung uunawain ang nilalaman ng pamantayan sa **SH** ng mga salitang katutubo (sa mga salitang Ibaloy, halimbawa) iminumungkahi na dahil lehitimong tunog ang **SH**, ayon sa 2013

forum ay ipinasiya na isaalang-alang ang **SH** bilang isang tunog ngunit hindi tutumbasan ng katapat na bagong titik. Kung tutuosin kung nagagawa nga sa salitang Ibaloy, bakit sa ibang wika tulad ng sa Ingles, ay hindi puwede, na kinatangian ng wikang Filipino dahil sa panlaping maka-Filipino ay hindi. Kaya kahit na sabihin pang tama ang baybay ng salitang nagsa-shabu, sa ganang pananaw at pag-unawa ko sa konteksto ng pamantayan sa mga digrapong tulad ng **SH**, at sa natural na pag-iral ng karaniwang paggamit, iminumungkahi ko rin na tamang panahon na upang sumang-ayon ang pamantayan ng digrapong **SH** hindi lamang sa mga salitang katutubo kundi maging sa aspektong paghihiram at palaugnayan ng salitang hiram at katutubong panlaping maka-Filipino.

Kung mapapansin pa, kahit sa salitang *shampoo*, kung iminumungkahi nga ng **OP** na igalang ang mga salitang may dobleng 'o' (oo) sa mgasalitang katutubo bakit 'di puwede sa mga salitang banyaga na kinakatangian ng din ng pagkakaroon ng dobleng 'o'.

MALING BAYBAY NG SALITA	PAHINA SA AKDA KUNG SAAN MATATAGPUAN	PAGTATAMA SA BAYBAY
Pilipinas	21, 68, 106, 202	Filipinas

Paliwanag:

Hanggang sa ngayon ay hindi pa rin matapos-tapos ang usapin sa mga nagbabanggaang argumento hinggil sa kung ano ba ang dapat na itawag sa pangalan ng bansa natin. Ayon nga sa mga sinasabi ni Virgilio S. Almario sa kanyang aklat na *F_l_p_no* ng mga *F_l_p_no* (1999), katulong ng kaniyang pinaninindigan, sampu ng kaniyang mga kasama sa Komisyon sa Wikang Filipino, naniniwala siya (lalo na ako) na kailangan nang patayin ang isang sumpa natin sa kasaysayan---ang kinalburong pagkakakilala natin sa ating bansang PILIPINAS.

Ibig sahihin lamang nito na kinakailangan nating ugatin ang ating kalinangan sa matiyagang paglingon sa kung ano ang tunay na pinagdaanang kasaysayan, upang masipat ang anumang tradisyon

ng nagdaang paraan ng pagsulat sa wika o mapahalagahan ang anumang tuntuning ortograpiko. Kahit kalakip pa ang paniniwala na dahil ang Filipino ay wikang dinamiko at patuloy itong nagbabago at umuunlad, mas mainam pa rin na laging nakaugat ang anumang pagpapasiya sa kasaysayan.

Kaya sa tatlo, kung ako ang papipiliin: ***Filipinas, Philippines o Pilipinas***, nasa una ang aking panig. Dahil ayon sa kasaysayan, bago pa man mahuli ng ating dila ang Philippines at Pilipinas, Filipinas na ang tawag sa ating bansa noon pa man. Patunay rito na sapagkat mas una at orihinal ang tawag na ***Filipinas*** kaysa sa dalawa pang katawagang nabanggit (Almario, 1999; 2014).

Alalahanin na ang argumentong ito hinggil sa salitang ***Filipinas*** ay argumento sa kung ano ang bigat na inihahain ng Unibersidad ng Pilipinas, sa pangunguna ni Almario. Subalit hindi ko sinasabing mali rin ang argumento ng ibang unibersidad tulad ng sa de La Salle University-Manila, na ipinaglalaban nila na kung ang salitang ***Pilipinas*** ay ibalik sa ***Filipinas***, magmumukhang nagbalik daw tayo sa pagpapasakop sa mga kastila. Isa pa, sa panig naman ng mga legalista, mapangyayari lamang ang pagpapalit ng ***Pilipinas*** sa ***Filipinas*** kung bigyang-oras n gating mga mambabatas na kagatin ang isyung ito at pansamantalang ipagpaliban ang tapunan ng mga baho sa isa't isa (sa siste ng kanilang kapalpakan sa panunungkulan bilang lingkod-bayan.[?])

Sa panig naman KWF at pagkakahain ng mga tuntunin sa OP, mas pinapaboran ***hindi ang paghihram*** sa halip ay mga ***salitang katutubo***. Ayon nga sa OP ng pahina 12-13 nito, ***hindi kailangang ibalik sa orihinal na anyo ang mga hiram na salitang lumaganap na sa baybay ng mga ito alinsunod sa abakada***. Halimbawa, hindi dapat ibalik ang F ng orihinal na forma sa Espanyol dahil ginagamit nang matagal ang “**porma**” pati ang mga deribatibo nitóng “**pormal**.”

Gayunpaman, ani nga ni Almario, pabor rin ang OP sa ***paglingon sa kasaysayan***. (kataliwasan sa unang nabanggit). Taliwas man sa isa't isa ang dalawang konseptong ito, marahil tinitingnan ni Almario ang bigat at puwersa ng ebidensiyang inihahain sa lib्रेng ipinakakain sa madlang Filipino...tulad na lamang sa kalamangan ng ***Filipino*** kaysa sa ***Pilipino***. (mahabang usapin din ito.)

MALING BAYBAY NG SALITA	PAHINA SA AKDA KUNG SAAN MATATAGPUAN	PAGTATAMA SA BAYBAY
Ano kung <i>dalagang bukid</i> nga sila, na kung saan-saan inilalako, kasi'y mura?	20	Dalagambukid

Paliwanag:

Dahil sa ang konteksto ng salita sa konteksto ng pagkakapahayag ay nangangahulugang isda, marapat lamang na ***dalagambukid*** ang siyang tamang ginamit sa halip na paghiwalayin sa isa't isa ang mga salitang ***dalagang*** at ***bukid***.

Kung tao naman ang siyang pinatutungkulan sa konteksto ng isang pahayag ay mas tamang gamitin ang katawagang ***dalagang bukid***. Ngunit kung magkagayon man, mali pa rin ang baybay ng salitang ***dalagang bukid*** dahil sa kawalan sa paggamit ng gitling. Dahil sa pagkakahiwalay na ginagawa ng gitling (-) sa dalagangbukid, ay nagbibigay ng katangian sa isang dalagang lumaki sa kabukiran.

MALING BAYBAY NG SALITA	PAHINA SA AKDA KUNG SAAN MATATAGPUAN	PAGTATAMA SA BAYBAY
Kumabaga'y naroroon ang charger ko kapag ako'y nalolob bat.	26	nalolobat

Paliwanag:

Kung mapapansin ang aklat (nobela) na ito (Ang Huling Dalagang Bukid...) ni Reyes ay nalimbag limang taon na ang nakakalipas mulang ngayon. Kung gayon, kahit hindi tinatalakay sa OP ang mga salita ng taon ng SAWIKAAN [dahil nga sa pinag-uukulan lang nito

ay palabaybayan], isang mahalagang proyektong nagtatampok sa pamimili ng pinakamahahalagang salita na namayani sa diskurso ng mga Filipino sa nakalipas na mga taon (idinaraos taon-taon ng Filipinas Institute of Translation, Inc. (FIT) sa pakikipagtulungan sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), National Commission for Culture and the Arts (NCCA), UP Kolehiyo ng Edukasyon at ng Blas F. Ople Foundation), pinangyari ko pa rin na mabigyan ng kaunting paliwanag ang isyu sa naging baybay ng salitang ***nalo-low bat*** mulang akda ni Reyes.

Dahil itinanghal na salita ng taon ang ‘lobat’ sa Sawikaan 2006, nangangahulugan lamang ito na kung idurugtong ang salitang lobat sa panlaping maka-Filipino, aking iminumungkahi (dahil sa batayang sanligan na nabanggit) sa halip na ***nalo-low bat***, panahon na ang nagtakda na dapat ***nalolobat*** kahit pa sabihin na kung idinurugtong ang buong salitang Ingles sa isang panlaping maka-Filipino ay kinakailangan na gumamit ng gitling upang paghiwalayin ang panlapi at salitang Ingles na hiram.

Ang argumento ko rito, mali ang nabanggit na argumento na bakit laging may tagapamagitan na gitling? Bakit laging ginagamit na pansingit ang ***gitling*** (-) sa giyera ng Ingles at Filipino (Tagalog), gayong mapupuwede namang magsama ang salitang Ingles at salita o panlaping maka-Filipino kahit walang gitling. Sa kasong ito, buo ang aking argumento at pasya na mas tama ang ***nalolobat*** kaysa ***nalo-low bat***. Dahil ang alam ko hindi ganap (absolute) ang tuntunin sa paglalagay ng gitling tuwing magsasanib ang salita o panlaping Filipino sa isang panlapi o salitang banyaga/hiram. Tandaan na tayong mga guro sa wika, mapa-Ingles man o Filipino, ‘ika nga ni Ester T. Rada ng San Beda College-Maynila, ayon sa kaniyang pag-aaral, laging magkatuwang ang dalawang wikang ito at ibang wika maging diyalekto sa konteksto ng edukasyon sa Filipinas bunga ng Edukasyong Bilingguwal kung saan nagtatakda ng mga asignatura sa paggamit ng wikang panturong Ingles at Filipino. Kung kaya’t dapat magkatuwang ang dalawang wikang ito kaysa nagsasapawan (“*complementary rather than overlapping*”).

MALING BAYBAY NG SALITA	PAHINA SA AKDA KUNG SAAN MATATAGPUAN	PAGTATAMA SA BAYBAY
maaa-ring	141	maaaring
solus-yon	138	solusyon
nakakitaka	88	nakakita ka
makaitlo	135	makakatlo
pam pa-kalma	51, 90	pampakalma
diyos-diypsang	172	diyos-diyosan
nakahara	61	nakaharang

Paliwanag:

Sa kasarapan ng aking pagbabasa ng akda ni Reyes, may mga salita sa akda sa tingin ko ay hindi naman siguro sinasadyang mamali ng may-akda. Tandaan na walang bagay, kaisipan o sinumang taong perpekto sa mundong ito. Lahat ay nagkakamali kaya walang sinuman ang dapat sisihin maging si Reyes. Baka nagkaroon lamang ng suliranin sa palimbagan o 'di naman kaya dahil nakaligtaan lamang sa *pagbabasa ng pruweba* (proof reading) o sadya ngang sumuway si Reyes sa tamang palabaybayan [dahil nga ay may dahilan] o 'di naman kaya sa isyung teknikal at mekanikal.

MALING GAMIT NG SALITA	PAHINA SA AKDA KUNG SAAN MATATAGPUAN	PAGTATAMA SA GAMIT
grasya	24	<i>Biyaya</i>
Magdu-drowing	27	Magdodrowing(tama); magdo-drowing(tama rin) guguhit (mas tama)
Kahawig: a. nagdu-drowing b. pagdu-drowing	43 56,86,94	gumuguhit pagguhit

Ang sagot ng boss ay di umalis ka kung hindi mo gusto.	29	amo / 'di
mahusay din	40	rin
libre rin	44	walang bayad/din
para raw	46	upang/daw
Walang pera roon	40	salapi/doon
nga daw	97	raw
Buhay din	101	rin
Paliwanag:		
<p>Tandaan kahit sa OP, sinasabing magandang isaalang-alang ang pinalaganap na paraan ng paggamit sa daw/raw at din/rin. Subalit hindi ito dapat ituring na tuntunin sa pagsulat. Ang ibig sabihin pa, hindi dapat ituring na pagkakamali ang paggamit ng din at daw kahit sumusunod sa salitang nagtatapos sa patinig at malapatinig.</p>		
duktor	51	doktor/manggagamot
anu-ano	38	ano-ano
Paliwanag:		
<p>Tandaan na ginagamit ang gitling sa mga salitang inuulit. Ngunit kung ang buong salitang-ugat/salita ang inuulit, walang karapatan ang gitling, kahit kailanman, na diktahan ang isang salita o baguhin ang baybay ng salitang ugat/salita. Iminumungkahi ng OP na kung uulitin nang buo (pag-uulit na ganap) ang salita/salitang-ugat, walang pagbabago dapat sa baybay ng nasabing salitang-ugat/salita.</p>		
kending	104	Minatamis
kuryente	260	koryente
Miyerkules	155	Miyerkoles
Kulay-puti ang mga sako.	77	puti ang mga sako

Paliwanag:		
Ang puti ay hindi kulay tulad ng <i>itim</i> at <i>gray</i> (walang kulay)		
taga-ibang lugar	71	Tagaibang
de uling	78	Sa pamamagitan ng uling
de motor	145,148	de-motor
de bomba	141	de-bomba
de-kaledad	110	de-kalidad/makalidad
dekalidad	21	De-kalidad/makalidad
Paliwanag:		
Ginagamitan ng gitling ang salitang may unlaping “ de- ” mula sa Espanyol na nangangahulugang “sa pamamagitan ng” o “ginawa o ginagamit sa paraang.”		
Gamit ng ‘ ng ’ “Ano ng magagawa natin?” Ano ng kakainin?”	16	“Ano na ang magagawa natin? (tama); Ano na ang kakainin?” (tama) “Ano na’ng magagawa natin?” (tama); Ano na’ng kakainin?” (tama)
Paliwanag:Tinatalakay sa OP ang mga gamit ng ng bilang pananda:		
(1) Sumusunod sa mga pangngalan.		
Hal.: Nagbabasa ng aklat si Tintin (pangngalan) -Gumuhit siya ng larawan.(pangngalan)		
(2) Sumusunod sa mga pang-uri.		
Hal.: Nagbabasa ng makapal na aklat si Tintin. (pang-uri) Nagluto ng masarap na hapunan si Nanay kagabi (pang-uri)		
(3) Sumusunod sa mga pang-uring pamilang.		

Hal.: Nakapanood si Tintin ng tatlong pelikula kahapon. (pamilang)
Nagsampay ako ng isang dosenang damit kanina. (pamilang)

(4) Ang panandang ng ay ginagamit kapag nagsasaad ng pagmamay-ari ng isang bagay okatangian.

Hal.: Ang pera ng bayan ay kinurakot ng ilang buwayang politiko.
Ang palad ng mga mayayaman ay karaniwang makikinis.

(5.) Ang ng ay ginagamit sa pananda ng aktor o tagaganap ng pandiwa sa tinig balintiyak (passive voice). Tandaan: Sa isang pangungusap na may tinig ng pandiwa na balintiyak, ang panaguri ang tagaganap ng kilos. Samantala, sa ibang banda, kung tahasan naman (active voice), ang paksa ang tagaganap ng kilos.

Hal.: Tinulungan ng binata ang matanda sa pagtawid.

(6) Ang ng ay ginagamit na pananda sa tuwirang layon ng pandiwang palipat.

Hal.: Nag-aral siya ng leksyon.

Bumili siya ng pasalubong para sa kanyang anak.
Nagtanim ng palay ang mga magsasaka.

Sa mga salita/pahayag na mali ang pagkakabaybay o pagkakagamit, dahil ang akda ni Reyes ay walang sinasantong tradisyon at imposisyon sa retorika at gramatika, ang posisyon ko bilang manunuri ay patas lamang. Hindi ko sinasabing hungkag at bahaw ang kabuoang akda ni Reyes dahil sa tampulan ng pagkukulang sa pagsasaalang-alang ng mga pamantayan sa estandardisadong Ortograpiyang Filipino. Sa panig ko, hindi sa akin mahalaga ang pormalidad sa isang akdang pampanitikan dahil ito nga ay likhang sining na malikhain. Ang akdang ito ni Reyes ay may katangiang sumasabay sa estilong *postmodernismo* (*bago sa makabago*). Ang kaniyang mga pagkukulang bilang manunulat ay mapagpapasensiyahan dahil kung tutuosin ay 'di naman talaga pagkukulang at kawalan sa kaniya at kaniyang akda dahil ito ang tama sa likod ng mga pagkakamali.

VI. Himig, Paningin, Tagpuan at Panahon

A. Himig

Ang kuwento ay magkahalong malungkot, mapanudyo at mapagpatawa. Maraming bahagi sa kabuoang konteksto ng akda na kakikitaan nito. Subalit mas pinili lamang ng manunuri na magbigay ng ilang halimbawa bilang gawing batayan.

Halimbawa na lamang sa **mapanudyo**:

“Ang ayaw ko’y mga lider na ang desisyon ay nag-uumpisa sa lohika ng hindi puwede, na ang ibig sabih’y ano ba ang policy, ruling, process, procedure at iba pang manual at guideline. Pag kinausap ang mga taga-‘hindi puwede’ ang kongklusyon ay laging nauuwi sa matuwid na sintuwid ng ruler, 12-inch long ang pinakamahabang sukat at 6-inch long ang pinakakompromiso.” (p. 173)

Halimbawa na lamang sa **malungkot**:

“Ang matatandang iginagalang noon dahil kailangan, dahil sa takot, na kung libakin ma’y sa talikuran lamang ay winawalanghiya nang harap-harapan. Ito ang simula ng panahon ng mga pinag-aralan. Walang hiyang sibilisasyon, walang galang sa matatanda.” (p.114)

Halimbawa na lamang sa **mapagpatawang mapanudyo**:

“Saka sa baryo’y hindi naman uso ang the right of children to education. Basta kaya na ng bata, kailangan na nitong magtrabaho para makatulong sa pamilya. Responsableng bata ang tawag doon at hindi child abuse. Ang laro ay bahagi ng inisasyon sa buhay...” (p.67)

B. Paningin

Sa mga araw na iginugol ko sa pagbabasa ng akda, sadyang nakakalito kung anong tiyak na pananaw sa pagkukuwento ang ginamit ng awtor upang palitawin ang tinig ng bawat pangyayari, kilalanin ang inilalahad na mga tagpuan, paglarawan sa panahon ng

salaysay at relasyon ng bawat tauhan sa isa't isa. Subalit nawari ko nang muling buklatin ko ang mga pahina ng akda, pangkalahatan ay masasabi kong gumamit ito ng ***Paningin sa Unang Panauhan*** dahil nagsasanib ang may-akda sa isa sa mga tauhan na siyang pangunahing tagapagsalaysay ng kuwento, halimbawa:

Bihira lamang ang talagang kaibigan ko dahil mahirap daw akong sabayan, dahil lagi akong abala sa paglikha ng kung ano-anong bagay. Mahirap daw sabayan ang taong laging nagmamadali. Mahirap din daw akong dahil ang nakikita ko lamang ay ang pinagkakaabalahan. nilampasan ko ang balakid sa aking art. Madali iyong gawin noon.. ngayo'y laging may nakaharang na balakid. (p.56)

C. Tagpuan at Panahon

Ang kuwento ay nangyari pangkalakhan sa tatlong lugar na napamahal na sa pangunahing tauhan nang mahabang panahon. May mga pangyayaring nanganap sa bahay ni Jun sa Kalye Paraiso, Tundo, Maynila. Mayroon din na mga pangyayari sa kaniyang probinsiya, sa Meycauayan, Hagunoy, Bulacan (sa kanilang baryo) at sa pamantasan kung saan niya inilaan nang mahabang panahon ang kaniyang pagmamahal sa pagtuturo, ang Unibersidad ng Pilipinas; at kung mayroon pang iba, ang mga ito ay mga pantulong na lamang.

Isa pang estilo ng awtor ay ang hilig niya sa naratibong pagbabalik-tanaw (flashbacking) sa mga pangyayari sa kasaysayan ng mga tauhan, lalo na sa mga naging buhay ni Jun.

VII. Mungkahi

Mahirap sa isang tao ang may pinapanigan lalo na kung mas kinikilingan ang mali kaysa tama. Subalit, mas mahirap sa tao kung pakitang-tao o *playing safe*, 'ika nga. Hindi pinapanigan ang mali ni tama. Sa panig ko naman bilang manunuri nitong akda ni Reyes, hindi sa wala akong pinapanigan sa labanan ng tradisyonalistang makata at liberal na artista ng bagong panahon kundi ang gawaing pagpili ay hindi madali. Ang parehong panig ay may mabibigat na katwiran sa isa't isa. Pawang hindi nagpapatalo dahil wala naman talagang dapat pagtalunan (*akin ang dahilan*). Makaluma man o

makabago, pareho may naitutulong sa larang at debuho, debuho ng pagsasanib ng sining at wika, makaluma man iyan o kung ano, basta ako ay magsasabi na ng totoo, sa kanilang dalawa ay walang talo o panalo dahil sino ba naman akong dapat na maghusga sa mga ito, panahon lamang ang makakasagot at hindi ikaw ni ako.

Sa puntong ito, ito ang isang impresyon ko sa akda, mapanuri, maalam, mapagpalaya. ‘Yan ang aking makabuluhan at kakaibang pagdanas sa panitikang inihahain sa aking kamalayan ni Jun Cruz Reyes. Pinagtitibay nito ang aking ugnayan bilang mambabasa sa labas ng pahina. Ang nobelang ito ni Reyes ay nangahas hubarin ang maskara ang isa o alinmang maseselan, mapapait at nalilingkis sa tradisyon na mga paksa. Binangga niya ito sa natatanging pamamaraang nalalaman niya, ang pagsulat (ng nobelang hindi tapos sa pinagsamang anyo ng sanaysay at kuwento na ‘di ko mawari kung *fiction* o *non-fiction*.)

Lahat ay naibigay na. Ang mungkahing nais ko na lamang pagdiinan ay hindi mungkahi para sa may-akda ni sa kaniyang mismong katha. Anumang pagkatuto at pagkamulat sa buhay, anuman ang ibig sabihin nito, ay tanda na ang tao ay rasyonal na nilalang. Kung gusto mong matuto sa pagsusulat ay huwag kang umasa sa iyong guro. Matuto kang tumayo sa sarili mong mga paa. Dahil ito ang mismong magdadala sa iyo saan ka man mapunta. Kaya, huwag kang mangimi o matakot na subukin ang naiiba. Anuman ang mangyari, kung may sumubok man na pumigil sa hangaring ito, huwag kang magpaapekto. Dahil nasa iyo pa rin ang kalayaan ng pagpili. Kung may mangyari man, maganda man ito o hindi, ay walang dapat sisihin. Ang mahalaga ay sinubukan mo. Hindi ka nagpatalo sa dikta ng magulong mundong ito. Ngunit tandaan mo:

Sa batas ng buhay ay laging may batas na sinusunod. Anumang hindi pagsunod ay katulad ng gandang walang saysay. Katulad ng pusong walang tibok. Katulad ng hugot na walang esensiya. Katulad ng panulat na mandaraya. Katulad ng salitang walang kahulugan. Tandaan mo.

Talasanggunian

- Almario, Virgilio S. "Binagong Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino". *Komisyon sa Wikang Filipino*, Edisyon 2014. Ikalawang Limbag, 2014.
- _____. UP Diksiyonaryong Filipino (Binagong Edisyon). UP Sentro ng Wikang Filipino-Diliman: Anvil Publishing, Inc., 2010.
- _____. *F_l_p_no ng mga F_l_p_no: Mga Problema sa Ispeling, Retorika, at Pagpapayaman ng Wikang Pambansa*. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc., 2009.
- Panitikan .com.ph: *Philippine Literature Portal*. <http://www.panitikan.com.ph/content/jun-cruz-reyes>
- Reyes, Jun Cruz. *ANG HULING DALAGANG BUKID at ANG AUTHOBIOGRAPHY NA MALI*, Isang Imbestigasyon. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc, 2011.
-